



Mga Karapatan ng Biktima ayon sa Batas at Konstitusyon ng Oregon para sa mga Biktima ng Hindi Patas na Pagtingin

Isang Hindi Lubos na Kabuuan

Oregon Department of Justice's

CIVIL RIGHTS UNIT



Paunawa

Ang impormasyon sa PowerPoint na ito ay hindi bumubuo ng legal na payo at hindi kapalit sa pagkonsulta sa o pagpapanatili ng abogado.

Ang Hotline Tugon sa Hindi Patas na Pagtingin ay hindi makapagbibigay ng anumang legal na payo sa sinuman na mag-uulat ng insidente o krimen ng hindi patas na pagtingin.

Walang relasyon o pribilehiyo ng abogado-kliyente ang nagagawa sa pamamagitan ng ulat, pagbabahagi ng impormasyon, o pagsusuri sa mga materyal na ito.

Ang Hotline Tugon sa Hindi Patas na Pagtingin ng Pambuong Estado ng Oregon

Bias Response Hotline (hindi-emerhensya na hotline)

1-844-924-BIAS (2427)

Lunes-Biyernes, 9am-5pm

May Serbisyo ng Pagsasalin sa 240+ wika

Kami ay Tumatanggap ng Lahat ng mga Relay Call

Mag-ulat Onlayn anumang oras

sa StandAgainstHate.Oregon.gov

Kahulugan ng Biktima: Konstitusyonal

[OR Const Art I § 42 \(6\)\(c\)](#)

Ang ibig sabihin ng “Biktima” ay sinumang tao na natukoy ng abogadong mang-uusig o ng korte na nakaranas ng direktang pananakit sa pinansiyal, sikolohikal o pisikal na pinsala bilang resulta ng isang krimen at, sa kaso ng isang biktima na isang menor de edad, ang legal na tagapag-alaga ng menor de edad.

Kahulugan ng Biktima: Ayon sa Batas

[ORS 137.007](#)

... ang ibig sabihin ng “biktima” ay ang tao o mga tao na nakaranas ng pananakit sa pinansiyal, sosyal, sikolohikal o pisikal bilang resulta ng isang krimen kasama na, sa kaso ng pagpatay o pang-aabuso ng bangkay sa anumang antas, ang miyembro ng malapit na kapamilya ng namatay, at sa kaso ng isang menor na edad na biktima, and legal na tagapag-alaga ng menor de edad. Sa anumang pagkakataon hindi dapat ituring na isang biktima ang nasasakdal na kriminal.

Pangkalahatang Impormasyon: Pag-uulat sa Alagad ng Batas

(hindi ito mga karapatan)

- Hindi kailangang malaman ng mga biktima kung ang isang bagay ay isang krimen ng hindi patas na pagtingin kumpara sa isang insidente ng hindi patas na pagtingin.
- Ang mga biktima ay puwedeng mamili kung kailan, saan, at paano mag-ulat.
- Ang mga biktima ay maaaring humiling na idokumento ito sa ulat ng pulisya o insidente. Ang mga ulat ay maaaring:
 - Magbuo ng ebidensya na nag-udyok ng hindi patas na pagtingin sa mga karagdagang/darating na mga kaso laban sa parehong salarin, o
 - Matukoy ang mga palatandaan o mai-ugnay ang mga kaso na dati ay hindi nai-ugnay.
 - Tandaan: ang pulisya ay hindi kailangang magsulat ng ulat para sa insidente ng hindi patas na pagtingin.
- Ang mga biktima ay hindi kailangang magkaroon ng anumang sapantaha o malaman kung sino ang may salarin.

Mga Opsyon sa Biktima: Pagkatapos Mag-ulat sa Alagad ng Batas

(hindi mga karapatan)

- Maaaring mag-aplay para ang mga bayarin sa medikal, pagpapayo, at burol na may kaugnayan sa krimen na hindi sakop ng seguro ay masasakop ng Crime Victim Compensation Program (CVCP). (ORS 147.005)
- Maaaring mag-aplay para ang mga gastos sa pagpapayo kaugnay sa insidente ng hindi patas na pagtingin na hindi sakop ng seguro ay masasakop ng Crime Victim Compensation Program (CVCP) ng estado.
- Ang mga biktima ng kriminal na aktibidad na hindi mamamayan o walang permanenteng katayuan na matulungin sa alagad ng batas sa imbestigasyon ay maaaring kwalipikado sa isang pansamantalang pananatili sa U.S. na tinatawag na U Hindi Imigranteng Katayuan, o isang U bisa. (Mga Biktima ng Kalakalan at Batas sa Proteksyon ng Karahasan ng 2000, 8 U.S.C. § 1184, 8 U.S.C. § 1101(a)(15)(U))

Mga Opsyon sa Biktima: Pagkatapos Mag-ulat sa Alagad ng Batas

(hindi mga karapatan)

- Ang mga biktimang 65+ o may kapansanan ay maaaring humiling sa korte na mag labas ng utos ng proteksyong sibil (kilala din na utos ng paghihigpit), sa labas ng anumang kasong kriminal, laban sa isang salarin ng hindi patas na pagtingin na gumamit ng pagkamuhing pananalita, mga paninira, mga pangalan, panunuya, pagbabanta, pagmumura, o pananakot laban sa kanila. (ORS 124.010)
- Kung ang hindi patas na pagtingin ay bumubuo ng panunubaybay (paulit-ulit, hindi ginustong pakikipag-ugnayan na naglalagay sa kanila sa takot sa napipintong pisikal na panganib) at naganap sa nakalipas na 2 taon, ang isang biktima ay maaaring, sa labas ng anumang kasong kriminal, humiling sa korte na mag labas ng utos ng proteksyong sibil sa panunubaybay laban sa salarin ng hindi patas na pagtingin.

Mga Opsyon ng Biktima: Patuloy

(hindi mga karapatan)

- Kung ang hindi patas na pagtingin ay bumubuo ng panunubaybay (paulit-ulit, hindi ginustong pakikipag-ugnayan na naglalagay sa kanila sa takot sa napipintong pisikal na panganib) (o DV o SA) at nangyari sa nakalipas na 90 araw, ang biktima ay maaaring wakasan ang kanilang upa na walang parusa basta't magbigay ng 14 na araw na nakasulat na abiso at pagpapatunay ng abuso tulad ng ulat ng pulisya, utos ng paghihigpit, hatol, o sulat mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo ng biktima. (ORS 90.453)
- Kung ang hindi patas na pagtingin ay bumubuo ng panunubaybay (paulit-ulit, hindi ginustong pakikipag-ugnayan na naglalagay sa kanila sa takot sa napipintong pisikal na panganib) (o DV o SA, o kalakalan sa sekso) at ang biktima at lumipat kamakailan at hindi pa naibahagi ang kanilang tirahan, maaaring humiling ang biktima na sumali sa Programa ng Lihim ng Tirahan para magkaroon ng kapalit na tirahan na mailista sa lahat ng pampublikong mga dokumento at tumanggap at magpasa ng lahat ng primerang-klase, sertipikado o rehistradong liham. (ORS 192.822)

Mga Opsyon ng Biktima: Patuloy

(hindi mga karapatan)

- Ang mga indibidwal ay may karapatang mamuhay/manirahan, magtrabaho, pumasok sa paaralan, bumuto, at magpunta sa mga tindahan at pampublikong mga lugar na walang diskriminasyon. (Pederal na Batas sa Patas na Paninirahan, Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964, Batas sa Rehabilitasyon, Batas ng mga Amerikanong may Kapansanan)
- Ang kasero ay maaaring paalisin ang salarin ng krimen ng hindi patas na pagtingin o insidente ng hindi patas na pagtingin (isang kilos na “sukdulang mapangahas”) na may 24 oras na abiso. (ORS 90.396 (1)(f)(d) at (4))
- Kumuha ng makatwirang pagliban mula sa trabaho upang makakuha ng alagad ng batas o legal na tulong, upang makakuha ng medikal na panggagamot o pagpapayo, upang makalapit sa mga serbisyo para sa biktima, upang makalipat, o upang gawing mas ligtas ang tahanan sa DV/SA, pangliligalig, o panunubaybay. (ORS 659A.272)
- Upang hindi madiskwalipika sa mga benepisyo para sa mga walang trabaho kung ang biktima ay makatwirang walang magagamit na mga alternatibo sa pag-alis sa trabaho para maprotektahan ang indibidwal o menor de edad na anak sa karagdagang DV, SA, panunubaybay, o pananakot. (ORS 657.176(12))
- Upang lumisan sa trabaho para dumalo sa kriminal na paglilitis kung ang biktima ay karapat-dapat na empleyado at ang tagapag-empleyo ay sakop na tagapag-empleyo. (ORS 659A.192)

Mga Karapatan ng Biktima: Pag-uulat sa Alagad ng Batas

- Na magkaroon ng **buong pagsisiyasat** sa kriminal na pag-uugali, anuman ang lahi, kulay, pambansang lahi, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, relihiyon, kapansanan, kasaysayan ng kriminal, o katayuan ng pagkamamamayan/dokumentasyon ng biktima. (Ika 14 na Pagbabago sa Sugnay ng Pantay na Proteksyon sa Konstitusyon ng U.S.)
- Na **ipagbigay-alam ang kanilang mga karapatan bilang biktima** “sa lalong madaling makatwirang panahon.” (Or Const, Art I, § 42(1)(g); ORS 147.417(1), ORS 147.417(4)(a))
- Na kung mag-ulat ng *insidente* ng hindi patas na pagtingin, na **isangguni sa Hotline Tugon sa Hindi Patas na Pagtingin ng Pambuong Estado** o sa Kwalipikadong Lokal na mga Serbisyo para sa Biktima (kapag natalaga na) para sa suporta. (ORS 147.380(2))

Mga Karapatan ng Biktima: Sa Buong Proseso ng Hustisya sa Kriminal

- Na tratuhin na may dignidad at paggalang ng alagad ng batas at ng iba pa sa proseso ng hustisya sa kriminal. (Artikulo ng Konstitusyon ng Oregon I § 42 (1))
- Na magkaroon ng **libreng tagapagsalin** at makatanggap ng anumang mga materyal na isinalin sa wika na kanilang hiniling kapag sila ay lumalapit sa pulisya, mga ospital, mga pampublikong paaralan, at anumang programa ng pamahalaan o ahensya na tumatanggap ng pederal na pondo. (Titulo VI ng Batas ng Karapatang Sibil, Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan)
- Sa isang **libreng tagapagsalin sa korte**, kung tetestigo o simpleng pakikinig sa isang pagdinig. (ORS 45.275, ORS 45.285(3), ORS 419C.285(4))
- Kung 15 taong gulang o mas matanda, magkaroon ng **personal na kinatawan** (kaibigan/kaalyado/tagasuporta) na kasama nila sa bawat yugto ng proseso ng pag-uulat/LE/CJ; ang kinatawan ay hindi maaaring menor de edad o saksi sa krimen. (ORS 147.425)

Mga Karapatan ng Biktima: Sa Buong Proseso ng Hustisya sa Kriminal

- Na tanggihan ang isang panayam, disposisyon o iba pang **diskobreng kahilingan** mula sa kriminal na nasasakdal o ibang tao na kumikilos sa ngalan ng kriminal na nasasakdal. (Oregon Constitution Article I § 42 (1)(c))
- Na **makakuha ng salin** ng anumang pagdinig na gaganapin sa bukas na korte, kung may nakahanda. (Oregon Constitution Article I § 42 (1)(e), ORS 147.419, ORS 419A.256)

Mga Karapatan ng Biktima: Sa Buong Proseso ng Hustisya sa Kriminal

- Na **makapiling lumahok** sa proseso ng hustisya sa kriminal sa pamamagitan ng paghayag ng mga karapatan ng biktima na magbigay ng payo, maabisuhan, dumalo, at magsalita sa ilang mga partikular na pagdinig.
 - Tandaan: Ang mga subpoena na personal na inihain ay mandatang ipinapatupad ng korte para magpakita.
- Sa isang **makabuluhang papel** sa proseso ng hustisya sa kriminal. (Oregon Constitution Article I § 42 (1))
- Na **makatuwirang maprotektahan** mula sa nasasakdal sa buong proseso ng hustisya sa kriminal. (Oregon Constitution Article I § 43 (1)(a))
 - Kapag ang nasasakdal ay pinalaya habang ang kaso ay nakabinbin, na bigyan ng utos na huwag makikipag-ugnayan sa biktima. (ORS 135.970 (4)(a), ORS 419C.276(4))

Mga Karapatan ng Biktima: Sa Buong Proseso ng Hustisya sa Kriminal

- Kapag hiniling, **na maabisuhan nang maaga** sa anumang kritikal na yugto ng mga paglilitis na gaganapin sa bukas na korte na dadalo rin kung naroon ang nasasakdal. (Or Const, Art I, § 42(1)(a); ORS 419C.273(1)(a))
 - Pagdinig sa paglaya
 - Paunang pagdinig
 - Pagbigay ng pag-amin ng kasalanan o no contest
 - Paglilitis
 - Mga pagdinig na may kaugnayan sa muling pag-iskedyul ng paglilitis
 - Mga pagdinig para hadlangan o huwag isama ang ebidensya
 - Pagsesentensiya
 - Mga pagdinig kaugnay sa kasunduan na ipagpaliban ang pagsentensiya
 - Pagdinig sa restitusyon
- Mga pagdinig sa mga mosyon o petisyon upang amyendahan, i-dismiss o isantabi ang paratang, kombiksyon, kautusan o paghatol.
- Mga pagdinig para sa pagrilyebo ng kaatasan na mag-ulat bilang isang sex offender
- Mga pagdinig sa pagpasok ng ebidensya tungkol sa nakaraang pag-uugali o pananamit ng biktima sa mga kaso ng sekswal na pag-atake.
- Paglabag sa probasyon o pagpapawalang-bisa (para sa Class A misdemeanor at felony na mga krimen)

Mga Karapatan ng Biktima: Sa Buong Proseso ng Hustisya sa Kriminal

- Na magsalita sa mga **bi-nold** na pagdinig:
 - Pagdinig sa paglaya
 - Paunang pagdinig
 - **Pagbigay ng pag-amin ng kasalanan o no contest**
 - Paglilitis
 - Mga pagdinig na may kaugnayan sa muli ng pag-iskedyul ng paglilitis
 - Mga pagdinig para hadlangan o huwag i sama ang ebidensya
 - **Pagsesentensiya**
 - **Mga pagdinig kaugnay sa kasunduan na i pagpaliban ang pagsentensiya**
 - Pagdinig sa restitusyon
- Mga pagdinig sa mga mosyon o petisyon upang amyendahan, i-dismiss o isantabi ang paratang, kombiksyon, kautusan o paghatol.
- Mga pagdinig para sa pagreliyebo ng ka atasan na mag-ulat bilang isang sex offender
- Mga pagdinig sa pagpasok ng ebidensya tungkol sa nakaraang pag-uugali o pananamit ng biktima sa mga kaso ng sekswal na pag-atake.
- **Paglabag sa probasyon o pagpapawalang-bisa**
- Mga pagdinig pagkatapos ng hatol
- Mga pagdinig ng PSRB
- **Mga partikular na pagdinig para sa mga kabataan** (detensyon, silungan, pagkakalagay, disposisyon, pagbabayad-pinsala, at mga pagdinig ng pagwawaksi)

Mga Karapatan ng Biktima: Sa Buong Proseso ng Hustisya sa Kriminal

- Kapag hiniling, na ipaalam ang **kasaysayan ng krimen ng nasasakdal**, kabilang ang mga pag-aresto, mga kaso, mga paghatol, at pagkakakulong. (Oregon Constitution Article I § 42 (1)(b), ORS 147.421, ORS 420A.122)
- Kapag hiniling, na ipaalam ang **pagpapalaya sa kustodiya** ng nasasakdal. (ORS 147.421 (1)(d))
 - Tandaan ang VINE!
- Kapag hiniling, na magtanong sa korte na **isaalang-alang ang desisyon** sa pagpapalaya kung hindi ipinialam sa kanila o nabigyan ng pagkakataon ng korte na magbigay ng payo sa nakaraang desisyon sa pagpapalaya. (ORS 147.508)
- Na magsalita sa pagdinig sa paglaya.

Mga Karapatan ng Biktima: Pagsesentinsya

- Na **maabisuhan ng maaga** tungkol sa pagbabago ng depensa *at* pagsesentisiya
- Na **magsalita** sa pagbabago ng depensa *at* pagsesentisiya
- Humiling na utusan ang nasasakdal na magbayad [restitusyon] para sa mga pagkalugi, pinsala sa ari-arian, o mga gastos sa medikal sanhi sa krimen. (Oregon Constitution Article I § 42 (1)(d), ORS 137.106(1), ORS 419C.450(1)(a))
- FYI: Ang korte ay maaaring mag-utos ng mga pagbabayad ng multa bilang karagdagan sa restitusyon ayon sa batas, "bilang parusa sa paggawa ng krimen na nagresulta ng pinsala kung saan ang taong napinsalaan ng aksyon na bumubuo ng krimen ay may remedyo sa pamamagitan ng aksyong sibil." (ORS 137.101, ORS 419C.459)
- Na makakuha ng impormasyon tungkol sa paghatol, sentensiya, pagkakulong, at paglabas sa hinaharap mula sa pisikal na kustodiya ng kriminal na nasasakdal o nahatulang kriminal. (Oregon Constitution Article I § 42 (1)(b))

Mga Karapatan ng Biktima: Pagkatapos ng Paghatol

- Kapag hiniling, na ipaalam at dumalo ng apela. (mga krimen sa tao at pagnanakaw lamang). (ORS 147.433(1)(b))
- Kapag hiniling, na ipaalam kung ang paghatol ay saklaw ng petisyon para sa pagrilyebo pagkatapos ng hatol o pagsuri ng DNA pagkatapos ng hatol. (ORS 147.433(1)(c))
- Kapag hiniling, na ipaalam tungkol sa mga Paglilitis ng Lupon sa Saykayatrikong Pagsusuri para sa GEI na mga kaso kabilang ang mga pagdinig, kondisyonal na pagpapalaya, paglabas or pagtakas. (ORS 161.326(1))
- Kapag hiniling, na ipaalam tungkol sa Lupon ng Parol at Pangangasiwa Pagkatapos ng Bilangguan na mga pagdinig. (ORS 144.750(2)(a))

Mga Karapatan ng Biktima: Remedyo

- Magkaroon ng remedyo para sa paglabag ng batas ng konstitusyon. (Oregon Constitution Article I §§ 42(3)(a), 43(5)(a), ORS 147.500-147.533)
- Para magsampa ng alegasyon ng paglabag ng batas, makipag-ugnayan
 - sa Oregon Crime Victims Law Center,
 - DOJ ng Oregon Crime Victims' Rights Program,
 - Tingnan ang form na ito para maghain sa korte

Gusto mo bang malaman kung ano
ang ginagawa ng Yunit ng
Karapatang Sibil? Sundan kami sa
sosyal medya!  